

タガログ語

Suplay ng Tubig


Tsu City Water Services Center 237-5821

Kailangang magpasa ng pormularyo ng pagpaparehistro kapag magpapasimula at magkakansela ng serbisyo ng tubig.

Pagsisimula at pagkakansela ng serbisyo ng tubig

Kung nakatakda kang lumipat...

Pagtira / Paglipat mula sa ibang address



Tumawag para simulan (buksan) ang serbisyo ng tubig
[Kinakailangan] Bayad na 900 yen

Paglisan / Paglipat patungo sa ibang address



Tumawag para kanselahin (isara) ang serbisyo ng tubig.

Tawagan ang Tsu City Water Services Center nang dalawa hanggang tatlong araw bago ka lumipat.

Mangyaring ibigay ang mga sumusunod na impormasyon

1. Address (lugar kung saan kinakailangan ang serbisyo ng tubig)
2. Pangalan ng gagamit
3. Numero ng telepono
4. Petsa kung kailan nais simulan ang serbisyo
5. Billing address

Tandaang kung gumamit ka ng serbisyo ng tubig nang walang abiso, maaaring ihinto ang iyong suplay ng tubig.

1. Numero ng gripo (nakasulat ito sa iyong resibo at report sa paggamit ng tubig)
2. Address (lugar kung saan ginagamit ang serbisyo ng tubig)
3. Pangalan at numero ng telepono ng gumagamit
4. Petsa kung kailan nais kanselahin ang serbisyo
5. Address at numero ng telepono ng bagong tirahan
6. Paraan ng pagbabayad ng singil (account transfer, payment notice)

Tandaang kung lilisan ka o lilipat sa ibang tirahan nang walang abiso, patuloy kang sisingilin ng bayad sa paggamit ng tubig

Singil sa Tubig

Singil sa Tubig = Pangunahing bayad + Singil sa paggamit

Pangunahing bayad: Ang halagang batay sa diyametro ng metro ng tubig at dapat bayaran kahit na hindi ka gumamit ng tubig.

Singil sa paggamit: Ang halagang babayaran alinsunod sa dami ng tubig na iyong nagamit. Tumataas ang halaga ng yunit habang dumarami ang tubig na iyong ginagamit.

Pagbabayad ng mga singil para sa tubig at wastewater treatment

Ang singil para sa tubig ay binabayaran bawat buwan o bawat dalawang buwan, ngunit nag-iiba ang deadline ng pagbabayad ayon sa lugar ng iyong tirahan.

Mangyaring bayaran ang singil sa tubig bago ang nakasaad na deadline ng pagbabayad sa isa sa mga sumusunod na lugar gamit ang payment notice.

- Mga nakatalagang pinansiyal na institusyon, post office
- Mga convenience store
- Water Service Center
- Tanggapan ng munisipyo, mga pangkalahatang tanggapan ng sangay, mga lokal na tanggapan

Upang hindi kayo mahirapan, inirerekomenda naming gamitin ninyo ang account transfer para sa pagbabayad ng singil sa tubig at wastewater treatment!

Mangyaring mag-apply ng account transfer sa isang nakatalagang pinansiyal na institusyon. Mga kinakailangan para sa aplikasyon: Passbook, seal na ginamit para buksan ang iyong bank account, resibo sa serbisyo ng tubig o report nito (dokumentong nagpapakita ng iyong numero ng gripo)

Pagpapalit ng pangalan

Kung pumanaw na ang gumagamit ng suplay ng tubig, kailangang magpasa ng aplikasyon para palitan ang pangalan.

Paano masusuri nang mag-isa kung may pagtagas ng tubig

Isara ang lahat ng gripo sa iyong bahay. Pagkatapos, tingnan ang marka ng patnubay sa iyong metro ng tubig.

Kung umiikot ang marka ng patnubay nang kahit bahagya, nangangahulugan itong may tumatagas na tubig kung saanman. Maaring bawasan (o gawing libre) ang singil sa tubig para sa mga pagtagas sa ilalim ng lupa. Mangyaring magtanong sa Tsu City Water Services Center.



Agad na tumawag sa kontraktor ng gawaing pantubig na itinalaga ng Lungsod ng Tsu para sa pagkukumpuni.
* Sasagutin mo ang bayad para sa pagkukumpuni.

<Para sa mga Katanungan> Tsu City Water Services Center 237-5821,
Bukas tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 a.m. hanggang 5:15 p.m.

Pagpapalit ng metro ng tubig

<Para sa mga Katanungan> Water Supply & Measurement Unit, Sales Division, Waterworks Bureau 237-5806

Itinatakda ng Measurement Act na ang tagal ng panahong maayos na magagamit ang mga metro ng tubig ay walong taon. Dahil dito, pinapalitan ng Waterworks Bureau ang mga metro bago abutin nang ganito katagal. Isinasagawa ang pagpapalit ng mga itinalagang kontraktor ng Waterworks Bureau nang walang bayad para sa iyo.

Tsu City Water Services Center 237-5821

Measurement Unit, Sales Division, Waterworks Bureau
237-5807

Aplikasyon para sa pagkakabit at pagsasaayos ng mga tubo

Para sa mga pagpapagawa ng tubo at pagkukumpuni ng mga kagamitan para sa suplay ng tubig, makipag-ugnayan sa kontraktor ng mga gawaing pantubig na itinalaga ng Tsu City

- Pag-apply para sa pagpapagawa ng tubig
Kapag kailangang gawin ang tubig sa iyong bahay, hingiin ang serbisyo ng kontraktor ng mga gawaing pantubig na itinalaga ng Tsu City.
- Mga kontrata sa konstruksiyon
Pagkakasunduan ang mga kontrata sa konstruksiyon sa pagitan mo at ng nakatalagang kontraktor ng mga gawaing pantubig. Para maiwasan ang mga problema matapos magpagawa, mag-ingat sa mga sumusunod.
 - Kumuha ng mga kotasyon mula sa iba't ibang kontraktor ng mga gawaing pantubig na itinalaga ng Tsu City hangga't makakaya.
 - Tumanggap ng detalyadong paglalarawan ng trabaho at mga gastusin.
 - Magtanong tungkol sa mga pagkukumpuni sa hinaharap at iba pang serbisyo para sa kustomer.

Para ikabit, ayusin o kumpunihin ang kagamitan para sa suplay ng tubig at hingiin ang serbisyo ng kontraktor ng mga gawaing pantubig na itinalaga ng Tsu City. Tingnan ang website ng Tsu City para sa listahan ng mga itinalagang kontraktor, o magtanong sa Water Supply Unit sa Sales Division ng Waterworks Bureau.

<Para sa mga Katanungan> Water Supply Unit, Sales Division, Water Bureau 237-5806